lalawigan ng san diego



Flow spreader



Downspout at splash block

mga dispersion area

Ang mga Dispersion Area o lugar ng pagpapakalat ay uri ng Significant Site Design Best Management Practice (SSD-BMP) na ginagamit sa pamamahala ng agos ng stormwater. Ang mga Dispersion Area ay inilalagay sa ilang propyedad sa buong Lalawigan upang makatulong na mabawasan ang dami ng stormwater at maiwasan ang mga pollutant tulad ng basura, pataba, pestisidyo, at sediment, na makarating sa mga storm drain at sa huli, sa ating mga lokal na sapa, ilog, at karagatan. Ang inyong propyedad ay isa sa daan-daan sa buong Lalawigan na may hindi bababa sa isang BMP.

Pinapanatiling Malinis ng mga Dispersion Area ang Ating mga Daanan ng Tubig

Ang mga Dispersion Area sa inyong propyedad ay dinisenyo upang pabagalin at bawasan ang dami ng agos ng stormwater na pumapasok sa storm drain system. Ang mga Dispersion Area ay tumutulong din na mag-alis ng mga pollutant mula sa inyong propyedad bago umabot ang tubig sa storm drain system. Bilang isang may-ari ng isa sa mga propyedad na ito na may Dispersion Area, hinihingi ng Lalawigan ang inyong pakikilahok sa pamamagitan ng **pagsasagawa ng regular na inspeksyon at mga gawaing pagmementena** upang matiyak na gumagana nang maayos ang inyong mga Dispersion Area.

Ipinapakita ng aming mga rekord na mayroon kayong hindi bababa sa isang Dispersion Area sa inyong propyedad. Upang tulungan kayong magmentena ng Dispersion Area na ito, ibinibigay ng **Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego** ang flyer na ito ng impormasyon upang masagot ang mga tanong na maaaring mayroon kayo tungkol sa mga Dispersion Area at kung paano mantenahin ang mga ito.

Paano Gumagana ang Inyong Dispersion Area

Ang mga Dispersion Area ay mga lugar na may halaman na itinakdang tumanggap ng agos ng stormwater mula sa mga surface na hindi pinapasukan ng tubig tulad ng bubong, daanan, at driveway. Ang agos ng stormwater ay dinidirekta mula sa mga surface na ito ng downspout na may splash block, o ng flow spreader (tingnan ang larawan 1 sa likod), na siyang nagpapakalat ng agos ng stormwater sa Dispersion Area. Sa Dispersion Area, dumadaloy ang agos sa pamamagitan ng mga pananim

mas marami pang impormasyon > > >

12PEB2020

lalawigan ng san diego

mga dispersion area

at lupa na kilala bilang infiltration (pagtagos). Sa infiltration, ang agos ay sinasala upang maiwasan na makapasok ang mga pollutant sa mga storm drain. Sa pamamagitan ng infiltration, nababawasan ang dami ng agos na pumapasok sa storm drain system na pumipigil sa pagbaha sa surface.

Hanapin at Mantenahin ang Inyong Dispersion Area

Upang hanapin ang inyong Dispersion Area, humanap ng lugar na may halaman (hal. damo o halaman) na karaniwang patag at may kaunting slope. Ang Dispersion Area ay maaaring katabi ng sementadong driveway, daanan, o ng inyong bahay. Hanapin ang pasukan ng Dispersion Area kung saan pumapasok ang stormwater mula sa alulod ng bubong sa tulong ng splash block o mula sa level spreader.

LARAWAN 1 *Dispersion Area (Tanaw na Cross-Section)*

Kapag nakita niyo na ang inyong Dispersion Area, mahalagang mantenahin ito. Ang pagpapanatili ng inyong Dispersion Area sa maayos na kondisyon ay tumutulong upang mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig. Nasa ibaba ang ilang mga gawain para sa pagmementena na maaaring dapat gawin:

- **Gapasin o tabasin kung kinakailangan upang maiwasan ang matataas na pananim.**
- **Alisin ang patay na pananim at taniman muli ng buto o halaman ang taniman.**
- **Kung ang tubig na hindi gumagalaw ay tumagal nang mas matagal sa 24 na oras pagkatapos ng isang pag-ulan, ikalat ang tubig sa mga kalapit na naka-landscape na lugar.**
- **Tiyakin na ang dispersion area ay nakakakuha ng sapat na dami ng tubig upang mapanatiling malusog ang pananim.**
- **Luwagan o palitan ang nasiksik na lupa upang magdulot ng malusog na pananim at infiltration.**
- **Tiyakin na ang mga downspout at splash block ay nakadirekta papunta sa mga lugar na may pananim.**
- **Tiyakin na ang mga splash block, flow spreader, o rip rap ay hindi naaalis o nahaharangan.**

Para sa listahan ng iba pang mga gawain, tignan ang form na patunay ng pagmementena mula sa developer ng inyong bahay.

Ang hindi paggawa ng iminumungkahing gawain para sa pagmementena ay maaring magdulot ng hindi maayos na paggana ng Dispersion Area at magpasimula ng inspeksyon.

salamat sa pagggawa ng inyong bahagi para

pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig

Para sa mga Tanong, Kontakin Kami sa:

Programa ng Pangangalaga sa Watershed
1-858-495-5323
BMP.Program@sdcounty.ca.gov
https://www.sandiegocounty.gov/stormwater

12PEB2020